



Paghahanda nang may Badyet

Magplano para sa lahat ng uri ng natural na sakuna na maaaring maganap sa iyong lugar.

Lumikha ng iyong pansariling personal na listahan. Maaaring hindi mo kailanganin ng lahat ng nakasulat sa “ready-made” (gawa na) na mga kit (kagamitan) at maaaring may mga karagdagang bagay na kinakailangan mo batay sa iyong personal na situwasyon. Halimbawa, kung ikaw ay may mga alagang hayop, maaaring kailanganin mo ang mga espesyal na bagay. Huwag kalimutan na maglagay ng mga supply sa iyong kotse at sa trabaho.

Magtingin-tingin sa palibot ng iyong bahay muna para sa mga bagay na maaari mong ilagay sa iyong kit (kagamitan) gamit ang personal na listahan na iyong ginawa. Maaari kang magulat kung gaano karaming bagay ang mayroon ka na sa iyong bahay na kailangan mo lamang isaayos para masama.

I-badyet ang mga bagay sa paghahanda sa emerhensiya bilang mga “normal” na gastusin. Kahit na \$20 kada buwan ay maraming mabibili para makatulong sa iyong makapaghanda. Bumili ng isang bagay para sa paghahanda tuwing ikaw ay pupunta sa tindahan.

Magtipid sa pamamagitan ng pagbibili kapag may sale (diskwento). Gumamit ng mga kupon at mamili sa mga tindahan na may mga supply sa kamping at mga gamit na bagay. Ang mga “Dollar” at “used goods” na tindahan ay maraming mga kinakailangan na gamit.

Subukan ang iyong kit (kagamitan) sa paghahanda sa emerhensiya tuwing 6 na buwan. Palitan lamang at tingnan iyong mga bahay na may petsa ng expiration (pagkawalang bisa) (hal. tubig, pagkain, mga baterya). Maaaring gusto mo rin subukan ang radyo at plaslayt para tiyakin na maayos ang paggana ng mga ito. Gumamit ng mga petsa ng Daylight Savings bilang iyong mga petsa ng pag-aalala sa pagsubok sa iyong pagiging handa.

Magtabi ng tubig sa mga ligtas na lalagyan. Hindi mo kailangan bumili ng maraming mga mamahalin nanakabote na tubig, pero tiyakin na anumang mga lalagyan na iyong gamitin sa pagtatabi ng tubig ay ligtas at nadisimpektad.

Humiling ng mga bagay sa iyong listahan sa paghahanda bilang mga regalo. Lahat tayo ay nakakatanggap ng mga regalo na hindi naman natin kailangan o ginagamit. Paano kung maaari kayong bigyan ng mga kaibigan o mga miyembro ng pamilya ng mga regalo na maaaring makaligtas sa iyong buhay? Huwag kalimutan na protektahan sila sa pamamagitan ng pagpapadala rin ng mga regalo para sa paghahanda.

Maagang Mag-isip. Mas marahil na makakatipid ka kung naglalaan ka ng panahon sa pamamagitan ng pagtutuon ng pansin at paggawa ng may estratehiyang paraan ng pamimili. Ang lahat ay dumadayo sa tindahan para mamili kaagad ng mga kailangan kapag padating na ang bagyo. Gumamit ng listahan para maiwasan ang mga dobleng gamit kapag ikaw ay nahihirapan o natataranta.

Basahin nang mainam ang iyong polisa sa insurance (kaseguruhan) at gumawa ng mga kinakailangang pagbabago. Kapag dumating ang sakuna, gusto mong malaman na ang iyong coverage (sakop o saklaw) ay makakatulong sa iyong makabangon sa anumang posibleng pinsala. Kailangan din ng mga polisa ang mga nangungupahan, para masaklaw ang personal na ari-arian.

Gawing napapanahon ang mga kontak rekord. Gumawa ng wastong listahan ng telepono na may mga telepono ng kontak para sa emerhensiya. Kung ikaw ay handa, maaari mong tulungan ang mga kaibigan at kapit-bahay na kailangan ng tulong. Sa pamamagitan ng pamamahagi ng mga supply (gamit) sa pagiging handa, maaari kang magtulungan.

Ipagpalit ang isang gabi para maglaan ng pondo sa iyong kit (kagamitan) para sa paghahanda ng pamilya sa emerhensiya. Halimbawa, ang pagdadala ng isang pamilyang binubuo ng apat na tao sa sinehan ay maaaring makagastos ng higit sa \$80-\$100. Ang isang gabi ng sakripisyo ay maaaring makapaglaan ng pondo para sa kit (kagamitan) sa paghahanda sa emerhensiya ng pamilya.